
# GROSS REGIONAL DOMESTIC PRODUCT

As of March 2022
Reference Number: MAS-GP-03182022




Ang Gross Regional Domestic Product o GRDP ay ang pagsukat ng kabuuang halaga ng paggawa ng mga produkto at serbisyo ng isang rehiyon sa isang accounting period. Sinusukat nito ang antas ng ekonomiya ng isang rehiyon ayon sa mga industriyang gumagawa ng mga produkto at serbisyo.


Ang sukatan ng GRDP ay nakaayon sa United Nations System of National Accounts, 2008. Binubuo ito ng komprehensibo at pinagsama-samang hanay ng mga account na nagtatala ng mga aktibidad sa ekonomiya sa loob ng isang accounting period. Dito rin nakabatay ang pagbuo ng mga konsepto, pag-uuri ng mga aktibidad sa ekonomiya, at iba pang mga prinsipyo sa estadistika at accounting.




## MGA INDUSTRIYANG BUMUBUO SA GRDP

**Gamit ang Philippine Standard Industrial Classification (PSIC) 2009, ang mga industriya ay ginugrupo sa sumusunod:**

### AFF



AGRICULTURE, FORESTRY, AND FISHING

### INDUSTRY

- MINING AND QUARRYING
- MANUFACTURING
- ELECTRICITY, STEAM, WATER AND WASTE MANAGEMENT
- CONSTRUCTION

### SERVICES

- WHOLESALE AND RETAIL, SALE AND REPAIR OF MOTOR VEHICLES AND MOTORCYLES
- TRANSPORTATION AND STORAGE
- ACCOMMODATION AND FOOD SERVICE ACTIVITIES
- INFORMATION AND COMMUNICATION
- FINANCIAL AND INSURANCE ACTIVITIES
- REAL ESTATE ACTIVITIES
- PROFESSIONAL AND BUSINESS SERVICES
- PUBLIC ADMINISTRATION AND DEFENSE, COMPULSORY SOCIAL ACTIVITIES
- EDUCATION
- HUMAN HEALTH AND SOCIAL WORK ACTIVITIES
- OTHER SERVICES

## PAANO SINUSURI ANG GRDP MULA SA PRODUCTION SIDE?

**Ang GRDP ay sinusuri ayon sa mga sumusunod na indicators:**

**Levels at current prices and constant prices**
Ito ay tumutukoy sa halaga ng karagdagang mga produkto at serbisyo na ginawa ng bawat industriya o rehiyon ayon sa: (1) kasalukuyang mga presyo (current prices), at (2) presyo sa base year (constant prices).

**Growth rates (Percent)**
Ito ay nagpapakita ng paggalaw ng ekonomiya ng rehiyon sa kasalukuyang taon kumpara sa nakaraang taon. Maaaring ito ay magpakita kung ang ekonomiya ng rehiyon ay tumaas (grew), lumago nang mas mabilis (accelerated), lumago pero mas mabagal (decelerated) o 'di kaya ay bumaba (declined).

**Per Capita levels at current prices and constant prices**
Ito ay ang tinatantiyang average na kontribusyon ng bawat indibidwal sa kabuuan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pag-divide ng GRDP sa populasyon ng isang rehiyon.

**Percent share**
Ito ay tumutukoy sa share ng isang industriya sa kabuuang GRDP o share ng isang sub-industry sa kabuuang industry.

**Contribution to growth (percentage points)**
Ito naman ang kontribusyon ng industriya sa kabuuang GRDP growth rate.

For Technical Inquiries
padmas.staff@gmail.com
Visit us on
www.psa.gov.ph
Like us on Facebook
/PSAgovph
Follow us on Twitter
@PSAgovph